# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 10, 2022, LUNES, IKA-9:37 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |

0 8 FEB 2022

0 8 FEB 2022

**KAPASIYAHAN BLG. 020-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET / PAGLILIPAT BLG. 5 NG BARANGAY BUBUKAL, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 121-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 22-T2021 NA MAY KABUUANG HALAGANG P165,000.00 MULA SA NATIRANG LAANG GUGULIN NG PERSONAL SERVICES NG TAONG 2021; HONORARIA (P126,000.00); CASH GIFT (P5,000.00); LEAVE CREDITS (P6,000.00) YEAR END BONUS (P11,500.00); MID YEAR BONUS (P11,500.00) AT PEI (P5,000.00) UPANG ILAAN PARA SA OTHER PERSONNEL BENEFITS- HAZARD PAY NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Bubukal na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 121-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 22-T2021 na may kabuuang halagang P165,000.00 mula sa Natirang Laang Gugulin ng Personal Services ng taong 2021; Honoraria (P126,000.00); Cash Gift (P5,000.00); Leave Credits (P6,000.00) Year End Bonus (P11,500.00); Mid – Year Bonus (P11,500) at PEI (P5,000.00) upang ilaan para sa Other Personnel Benefits- Hazard Pay ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet / Paglilipat Blg. 5 ng Sangguniang Barangay ng Bubukal, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 121-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 22-T2021 na may kabuuang halagang P165,000.00 mula sa Natirang Laang Gugulin ng Personal Services ng taong 2021; Honoraria (P126,000.00); Cash Gift (P5,000.00); Leave Credits (P6,000.00) Year End Bonus (P11,500.00); Mid –Year Bonus (P11,500) at PEI (P5,000.00) upang ilaan para sa Other Personnel Benefits- Hazard Pay ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Bubukal, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 10, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
02-04-22